9

# Filipino 9
## Activity Sheet
## Quarter 2- MELC 1

# Pagsusuri sa Tono ng Pagbigkas ng Tulang Tanka at Haiku



REGION VI – WESTERN VISAYAS

ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

Pag-aari ng Pamahalaan
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino 9**
**Learning Activty Sheet 1**
**Unang Edisyon, 2020**

Inilimbag sa Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon 6- Kanlurang Visayas
Duran St., Iloilo City

Isinasaad ng **ng Batas Pambansa Bilang 8293**, **Seksiyon 176 na** “Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa ano mang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng pamahalaan o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng gawain kung ito’y pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.”

Ang **Filipino 9 Learning Activity Sheet (LAS)** na ito ay inilimbag upang magamit ng mga Paaralan sa Rehiyon 6 - Kanlurang Visayas.

Walang bahagi ng aklat na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang porma nang walang pahintulot sa Kagawaran ng Eduklasyon, Rehiyon 6- Kanlurang Visayas.

**Mga Bumuo ng Filipino 9 Learning Activity Sheet**

**Manunulat:** Marie Antoniette M. Villar

**Tagasuri:** Perly M. Mapa, Lucila Y. Plaza, Hezel A. Lopez, Ofelia S. Alegado

**Tagaguhit:** Jerome Jordan Z. Ponsica

**Tagalapat:** Eldiardo E. de la Peña, Antonio O. Rebutada

**Division of Escalante City Management Team:**

Clarissa G. Zamora, CESO VI
Ermi V. Miranda, PhD
Ivy Joy A. Torres, PhD
Jason R. Alpay
Alicia M. Geroso

**Regional Management Team:**

Ma. Gemma M. Ledesma, CESO V
Josilyn S. Solana, PhD
Elena P. Gonzaga, PhD
Donald T. Genine
Celestino S. Dalumpines IV

**MABUHAY!**

Ang **Filipino 9 Learning Acivity Sheets** na ito ay nabuo sa pamamagitan ng sama-samang pagtutulungan ng Sangay ng Lungsod ng Bacolod sa pakikipagtulungan ng Kagawaran ng Edukasyon, Rehiyon 6- Kanlurang Visayas at sa pakikipag-ugnayan ng Curriculum and Learning Management Division. Inihanda ito upang maging gabay ng learning facilitator, na matulungan an gating mga mag-aaral na makamtan ang mga inaasahang kompetensi na inilaan ng Kurikulum ng K to 12.

Layunin ng LAS na ito na gabayan ang mga mag-aaral na mapagtagumpayan nilang masagot ang mga nakahanay na mga gawain ayon sa kani-kanilang kakayahan at laang oras. Ito ay naglalayon ding makalinang ng isang buo at ganap na Filipino na may kapaki-pakinabang na literasi habang isinasaalang-alang ang kani-kanilang pangangailangan at sitwasyon.

**Para sa mga learning facilitator:**

Ang **Filipino 9 Learning Acivity Sheet** na ito ay binuo upang matugunan ang pangangailangan ng ating mga mag-aaral sa larang ng edukasyon, na patuloy ang kanilang pagkatuto kahit na sila ay nasa kani-kanilang mga tahanan o saan mang bahagi ng learning center sa kanilang komunidad.

**Para sa mga mag-aaral:**

Ang **Filipino 9 Learning Acitivity Sheet** na ito ay binuo upang matulungan ka, na mapatuloy ang iyong pagkatuto kahit wala ka ngayon sa iyong paaralan, pangunahing layunin ng LAS na ito na mabigyan ka ng makahulugan at makabuluhang mga gawain. Bilang aktibong mag-aaral, unawain nang mabuti ang mga panuto nga bawat gawain.

Kwarter 2, Linggo 1

**Learning Activity Sheets Blg. 1**

Pangalan ng Mag-aaral: ______________________________

Grado at Pangkat: ______________________________

Petsa: ______________________________

**GAWAING PAMPAGKATUTO SA (PAMAGAT NG ARALIN AT GRADO)**

## Pagsusuri sa Tono ng Pagbigkas ng Tulang Tanka at Haiku

## I. KASANAYANG PAMPAKATUTO AT KODA

Nasusuri ang tono ng pagbigkas ng napakinggan tanka at haiku. (F9-PN-IIa-b-45)

## II. PANIMULA

### May Ibat-ibang Tono ng Tula

- Ito ang nagpapakita ng emosyon o damdamin ng persona sa tula. Maaring maging tono ay galit, pagkasuklam, kasiyahan, panunuligsa, sarkastiko sentimental nagpapatawa at iba pa.
- Malaking salik sa tono ang diksyon o ang pagpili ng mga salita.
- Makakatulong din sa paglikha ng tono ang pagpili ng larawan, talinghaga, at pananaw sa paksa.

### Pagkilala sa tono ng Tula

- ✓ Sino ang persona
- ✓ Sino ang kausap ng persona? Ilarawan ang kanyang pisikal na katayuan
- ✓ Ano ang pokus ng persona ba sa katawan ng kausap
- ✓ Kailan at saan nagaganap ang pangyayari sa tula? Ano ang pahiwatig nito?
- ✓ Ano ang ginawa nila sa lunan? Ano ang pahiwatig nito? Ano ang namamayaning pakiramdam.
- ✓ Pansinin ang huling apat na taludtod. Ano ang realisasyon ng persona
- ✓ Ano namayaning larawan sa huling bahagi?
- ✓ Nagbago ba ang tono ng buong tula?

❖ Ang kahulugan ng Tanka at Haiku

Tanka- ay isang maikling awitin na puno ng damdamin nagpapahayag ng emosyon o kaisipan karaniwang paksa o pagbabago, pag-iisa o pag-ibig.

Halimbawa:

| Tanka | Tanka |
|---|---|
| **Katapusan ng Aking Paglalakbay**<br><br>*Ni Oshikochi Mitsune*<br>*Isinalin sa Filipino ni M.O Jocson*<br><br>Napakalayo pa nga<br>Wakas ng paglalakbay<br>Sa ilalim ng puno<br>Gulo ang isip | **Naghihintay Ako**<br><br>*Ni Prinsesa Nukada*<br>*Isinalin sa Filipino ni M. O. Jocson*<br><br>Naghihintay Ako, oo<br>Nanabik ako sa'yo<br>Pikit-mata nga ako<br>Gulo sa dampi<br>Nitong Taglagas |

- Haiku- ay nagpapahayag din ng damdamin na ang paksa ay tungkol sa pag-ibig at kalikasan.

Halimbawa:

| Haiku | Haiku |
|---|---|
| **Tutubi**<br>*Ni Gonzalo K. Flores*<br><br>Hila mo'y tabak<br>Ang bulaklak nanginig<br>Sa paglapit mo | **Anyaya**<br>*Ni Gonzalo K. Flores*<br><br>Ulilang damo<br>Sa tahimik na ilog<br>Halika, sinta |

# III. MGA SANGGUNIAN

Peralta, Romulo N. et al (2014) Panitikang Ayano, Modyul ng Mag-aaral sa Filipino 9, Unang Edisyon, Vibal Group, Inc.

**Mga Sariling Katha**
Mapa, Perly M. (2020), Unos ng Buhay, Hindi nailathalang Tula

Mapa, Perly M. (2020), Irog, Hindi nailathalang Tula
Mapa, Perly M. (2020), Hamog, Hindi nailathalang Tula
Mapa, Pely M. (2020) Kabiguan, Hindi nailathalang Tula

## IV. MGA GAWAIN

**Gawain 1**

**Panuto:** Basahin at suriin ang bawat tanka at haiku sa Gawain 1 sa inyong aklat na " Panitikang Asyano 9" sa pahina 89. Pagkatapos surrin ayon sa paksa at mensaheng nais ipabatid nito.

**Gawain 2**

**Panuto:** Basahin at suriin ang bawat tanka at haiku ayon sa tono at pagbigkas nito. Piliin ang titik ng tamang sagot.

| Tanka | Haiku |
|---|---|
| **Unos ng Buhay**<br>*Ni Perly M.Mapa*<br><br>Mga bagyong dumating<br>Di ko inaasahan<br>Kapighatian<br>Mga ilahil<br>Dalangin ay dinggin Mo. | **Hamog**<br>*Ni Perly M . Mapa*<br><br>Munting patak ng butil<br>Bigay ay buhay<br>Sa tuyong parang |
| **Irog**<br>*Ni Perly M. Mapa*<br><br>Tuwina'y pinapangarap<br>Kabiyak nitong puso<br>Ika'y di pumayag<br>Buhay kay saklap | **Kabiguan**<br>*Ni Perly M. Mapa*<br><br>Pusikit na karimlan<br>Damdaming lumbay<br>Luha tumutulo |

1. Sa tulang “Unos ng Buhay” Anong emosyon ang nangingibabaw dito?

   a. kapighatian  c. nasisiyahan

   b. pag-asa  d. nalulungkot

2. Sino ang kausap ng persona sa tulang Irog?

   a. Kalikasan  c. Sinisinta

   b. Punongkahoy  d. bulaklak

3. Sa tulang “Kabiguan” anong damdamin ang namayani sa huling taludtod?

   a. Kasiyahan  c. pag-ibig

   b. Kalungkutan  d. panibugho

4.Sa pahayag na: Tuwina’y pinangarap , kabiyak nitong puso” nagpapakita na ang persona ay.

   a. matiisin  c. bolero

   c. wagas ang pagmamahal  d.walang pakialam sa minamahal

5. Anong paksa ang Tulang Irog.

   a. kalikasan  c. bayani

   b.pag-ibig  d. kagitingan

- **Tandaan:**

Dapat mahalagang malaman ang tamang pagbigkas ng tula upang magkaroon ng kaalaman tungkol sa tamang pagbigkas sa ginamit na salita na naaayon sa mga elemento ng tula.

## V. REPLEKSIYON

- Kung ikaw ang susulat ng ganitong uri ng tula , ano ang paksang nais mong talakayin?Ipaliwanag.

## VI. SUSI SA PAGWAWASTO

1. A
2. C
3. C
4. B
5. B